



Sofbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

PAG-ABOT SA MAQAM NG PAGKAKUNTENTO

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Dagbestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Hindi kayang isipin ang kadakilaan ng Allah azza wa ajalla, Di ito maaabot ng isipin, katalinuhan o imahinasyon ng tao. Di nakikilala ng mga tao ang Allah kahit sa dami ng palatandaan niya, ang pagpapadala ng pagkain, pagpapaulan at pagdating ng mga Anghel sa lupa. Pinaparating ng mga Anghel ang tulo sa lupa. Walang kahit na isang tulo ang darating sa lupa kung walang utos ng Allah.

Alam ng Allah azza wa jalla ang bilang ng mga anghel. Di ito kayang maisip o ilagay sa imahinasyon ng tao. Walang nakakaalam sa lahat ng Anghel na ginawa ng Allah. Dinadala ng mga Anghel ang tulo sa lupa. Kahit ang mga nyebe ay dinadala din ng mga anghel sa lupa. Mas dumadating ang rahma ng Allah sa panahon ng nyebe.

Maraming tao ang di marunong magpasalamat at naghahanap ng mga kadahilanan para magrebelde sa Allah sa bawat pagkakataon. Sasabihin nila napakainit o napakalamig. Nakakainis naman ang lamig o init, kanilang sinasabi. Galit sila sa mga bagay na binigay ng Allah. Ang mga muslim ay maingat sa kanyang pagsasalita upang di makagawa ng kasalanan o pagrebelde sa Allah. Isipin natin ito.

Ang pagkakuntento sa lahat ng bagay ay mabuting bagay. Maraming tao dati ang naghirap pero nakuntento sila sa landas papunta sa Allah. Pero ngayon kahit sa maliit na bagay ay kinalimutan na ang Allah. Nagsisimula sila sa pagsasalita ng masama sa bayan, pamahalaan, bansa at iba pa.

Ito ang tinuro ng shaytan higit na 100 taon ng nakaraan. Dahil sa marami ng gustong makukuhan ng edukasyon, ginamit ito ng shaytan bilang daan upang turuan ang lahat na magrebelde o makigulo.



Sofbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Ang pagrerebelde ay mula sa shaytan. Hindi maganda ang pagrerebelde na ito. Nagrerebelde sila para sa kanilang Nafs. Nawa'y gawin tayo ng Allah mula sa mga taong kuntento at nag-iisip ng aral mula sa lahat ng bagay.

Ang kabutihan ay ginagawa pero maraming tao ang tinitignan pa rin ito bilang masama. Maraming rahma ng Allah ang kanyang pinapakita sa atin. Ang ulan, nyebe at iba pa. Nawa'y bigyan tayo ng pag-iisip at katalinuhan ng Allah dahil marami ng di nag-iisip ngayon. Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
7 January 2017/9 Rabiul Akhir 1438
Sabah Namaz, Akbaba Darga